PAGPAPANUMBALIK SA KALIDAD NG TUBIG SA MGA GUSALI PARA SA MULING PAGBUBUKAS

CHECKLIST

Ang ilang linggo o buwang pagsasara ng mga gusali at negosyo ay nagdulot ng mas madalang na paggamit ng tubig, na posibleng nagresulta sa pagkakaroon ng stagnant na tubig sa loob ng mga tubo ng gusali. Posibleng hindi ligtas inumin ang tubig na ito, at posible ring hindi ito ligtas para sa mga personal at komersyal na paggamit. Inirerekomenda ng EPA ang pag-aksyon ng mga may-ari ng gusali, mga manager ng gusali, at mga negosyo para i-flush ang mga tubo ng gusali bago magbukas muli.

*Isinasagawa ang **pag-flush** sa pamamagitan ng pagbubukas ng mga gripo para hayaang dumaloy ang tubig at maalis ang stagnant na tubig sa mga panloob na tubo at/o outlet. Maaaring mag-iba-iba ang tagal ng pag-flush ayon sa kompigurasyon ng mga tubo at uri ng mga outlet na nililinis.*

1. BAGO MAG-FLUSH NG MGA GUSALI

- ☐ Makipag-ugnayan sa inyong water utility tungkol sa kalidad ng lokal na tubig at para maipaalam ang mga aktibidad sa pagme-maintain.
- ☐ Tingnan ang impormasyon mula sa inyong lokal na departamento para sa pampublikong kalusugan para sa anumang lokal na kinakailangan para sa muling pagbubukas.
- ☐ Sundin ang mga naaangkop na regulasyon at patakaran para sa kaligtasan at kalusugan ng mga manggagawa.

2. MGA HAKBANG SA PAG-FLUSH NG MGA GUSALI

- ☐ Suriin kung paano dumadaloy ang tubig sa kabuuan ng inyong gusali, mula sa kalye hanggang sa bawat lugar kung saan ito ginagamit.
- ☐ Inspeksyunin ang mga tubo.
- ☐ I-maintain ang anumang water treatment system (hal., mga filter, water softener) alinsunod sa mga tagubilin ng manufacturer.
- ☐ Tiyaking gumagana ayon sa nakasaad ang system ng mainit na tubig.
- ☐ I-flush ang tubong dinadaluyan ng tubig mula sa water main hanggang sa gusali.
- ☐ I-flush ang mga tubo ng malamig na tubig.
- ☐ I-drain at linisin ang mga pasilidad sa pag-iimbak ng tubig at mga heater ng mainit na tubig.
- ☐ I-flush ang mga tubo ng mainit na tubig.
- ☐ I-flush, linisin, at i-maintain ang mga device na nakakonekta sa system ng mga tubo alinsunod sa mga tagubilin ng manufacturer.

Ikonsidera ang pagsusuri sa mga parameter ng kalidad ng tubig para masiguradong sariwang tubig ang nafa-flush sa kabuuang system ng mga tubo.

3. IBA PANG AKSYONG DAPAT IKONSIDERA

- ☐ Abisuhan ang mga umookupa sa inyong gusali tungkol sa katayuan ng mga system ng tubig at sa programa sa pag-flush.
- ☐ Limitahan ang access o paggamit sa tubig bilang hakbang sa pag-iingat.
- ☐ Tukuyin kung kailangan ang maagap na disinfection/heat treatment.
- ☐ Bumuo ng programa sa pamamahala ng tubig.

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring bumisita sa **EPA.GOV/CORONAVIRUS**